ISANG yayat na babae ang malungkot na umibis sa Bus. Iyon si Denang. Nakatulukbong siya at bitbit sa kaliwang kamay ang maliit na balutan na kinalalagyan ng kanyang mga damit. Nagpalinga-linga muna siya bago tuluyang tumawid sa kabilang kalsada patungo sa paradahan ng mga karetela.

Kararating lamang ni Denang buhat sa maguleng lunsod ng Maynila. Tatlong taon siyang naglagi sa magandang lunsod nito, na ang buong akala niya'y magkakaroon na ng katuparan ang kanyang pangarap sa buhay na maging tanyag na dilag sa mata ng lipunan. Subali't sa lunsod niya nalasap ang mapait na kasawiang labis niyang dinamdam: ang maging isang lantang bulaklak sa kamay ng isang mapagsamantala hanggang sa magpalipat-lipat sa maraming palad. At ngayo'y taglay niya sa pagbalik sa bayang kinakitaan ng unang liwanag ang kasawing iyon, na ang kirot ay sumusigid sa pinakaliblib na liha ng kanyang puso.

—Saan ho, kayo? —magalang na tanong kay Denang ng nilapitan niyang kutsero.

—Sa baryo Mulad-Bukod, ho! —Sagot ni Denang at iniaabot na sa kutsero ang dala niyang balutan ng damit.

Makailan pang sandali'y tumatakbo na sa mabakong kalsada ang sinakyan niyang karetela. Nakaupo siya sa huling upuan niyon. Nakatingin siya sa malayo na wari'y inaaninaw ang pook na kinakitaan niya ng unang liwanag ng Araw. Napabuntung-hininga siya.

Lahat halos ng bahay na nasa gilid ng kalsada ay may nagpapabasa ng pasyong mahal na umaakit sa kanyang pandinig, nguni't nagpapakirot naman sa kanyang puso. Bawa't dampang maraanan niya na nagpapabasa ay iba't ibang himig sa pag-awit ng pasyon ang kanyang naririnig. May himig na maragsa at may himig naman na maiumay.

Sa pagkakaupong iyon ni Denang sa huling upuan ng karetela ay [illegible] niya na walang ipinagbago ang pook na iyon. At napakagat-labi siya. May kirot na na[illegible] naglagos sa kanyang dibdib. Isang malalim na buntung-hininga ang pumulas sa kanyang tila mamad na mga labi. Mahigpit na nakuyom ang hawak na panyolito at idinampi iyon sa mga matang ginigitian ng luha.

—Alam na kaya ni ama na darating ako ngayon? —ang usal niya sa sarili. —At si Angel, salubungin nga kaya niya ako? —Dugtong pa niya na parang nangangarap.

At muling nagbalik sa kanyang gunita ang unang araw at huling pagkikita nila ni Angel sa magulong lunsod ng Maynila. Naglalaba siya noon nang makarinig siya ng sunud-sunod na katok sa labas ng pintuan ng kinakaserahan niyang barung-barong. Matapos pahirin ang bula ng sabong bumalot sa kanyang mga kamay, ay mapayapang binuksan niya ang pintuan sa pag-aakalang isa iyon sa mga pinaglalabadahan niya. Subali't biglang nawalan ng kulay ang kanyang mukha nang mamukhaan ang kaharap na lalaki:

—Angel!.... —ang tangi niyang nausal.

—Magandang araw sa iyo, Denang, —nakangiti nguni't malungkot ang alingawngaw ng tinig ni Angel, ang kanyang katipan sa kanilang lalawigan, sa Kabisayaan. —Makakatuloy ba ako?

—Tu-tuloy ka! —Anyaya ni Denang na malakas ang kaba ng dibdib. Hindi niya sukat akalain na matagpuan ni Angel ang tinutuluyan niyang barung-barong. Ah, marahil ay may nakapagsabi sa kanya, ang bulong niya sa sarili.

—Hindi na ako magpapaliguy-ligoy pa, —nang nakaupo na sila —ay simula ni Angel. —Kaya ako naparito ay upang muling sariwain sa iyo ang aking pag-ibig.... ang ating pag-ibig!

Nabigla si Denang sa kanyang narinig. Hindi niya sukat akalain na matapos pagtaksilan ang dating kasintahan ay iyon pa ang nagpapakumbaba upang sariwain ang kanilang naputol na pagmamahalan.

Alam kong pinag-aalinlanganan mo ang katapatan ng aking pag-ibig, —patuloy ni Angel nang hindi umimik ang babaing sinamba niya nang buong katapatan, ng higit sa lahat.... Nabalitaan kong pinaglaruan ka lamang ng lalaking luminlang ng iyong pag-ibig at hanggang sa magpalipat-lipat ka sa maraming kandungan. Nguni't yaon ay hindi ko pinansin, niwalan ko nang kabuluhan ang lahat sapagka't ang aking buhay, ang aking pag-ibig, ang aking kaluluwa ay ikaw!

—Huwag ka sanang baliw, Angel. —Pagkaraan ng mahabang sandaling di pag-imik ay naisagot

# *Pagdidili-dili ni*



niya na pinaglalandasan na ng masaganang luha ang mga mata. —Isa na lamang akong maruming yagit.... isa akong bulaklak na nakaririmarim na sa paningin, na ni sa pangarap ay hindi nababagay upang makipagbuhol pa sa iyong pag-ibig!.... Alam kong tapat ka sa iyong mga sinabi, nguni't ibigin ko man ay tumututol ang aking puso upang sariwaing muli ang naputol nating pagiibigan! —At napayuko si Denang na kagat na mariin ang mga labi.

—Nagkakamali ka, Denang, — sumasamo na ang tinig ni Angel pati na ng kanyang mga mata. — Kung ikaw man ay pinagtawanan nila dahil sa iyong sinapit na kasawian, kung hinamak ka man nila, ay narito ako, nasa dibdib ko pa rin ang init ng pagmamahal na

# Denang

ni TRINIDAD A. ALVAREZ





## Siya Ay Nauhaw Sa Isang Pag-ibig Na Lubhang Dalisay At Napakalinis.

tanging sa iyo ko lamang inilaan.... Iniibig kita, Denang, pinakamamahal kita! —at anyong hahawakan ni Angel ang dalawang palad ng sawing dalaga. Subali't mabilis na tumindig iyon at lumapit sa tabi ng bintana. Tumingin sa malayo na waring may iniisip na malalim.

—Napakadakila ng iyong pagibig, Angel —pagkaraan ng mahabang katahimikang namagitan sa kanila ay nawika ni Denang sa malungkot na tinig. —Oo nga't hanggang sa ngayon ay pumipintig pa rin sa aking puso ang pagibig na ipinunla mo sa aking dibdib. Nguni't magiging batik lamang ako sa malinis mong pangalan. Iniibig pa rin kita, Angel, ngunit hayaan mong sarilinin ko na lamang ang kasawiang nagparumi sa aking katauhan. —At maiinit na luha ang gumawa ng sariling landas sa kanyang mga pisngi.

—Denang! —Nakatayo na sa kanyang likuran si Angel. —Dalawang linggo na lamang at MAHAL NA ARAW na! Alam mo namang sa ating pook ay ikaw at ako ang magkapareha sa pagbasa ng pasyong mahal. At kaya ako lumuwas rito sa Maynila ay naipangako ko sa iyong amang may sakit na bago sumapit ang MAHAL NA ARAW, ay babalik ka sa ating lalawigan at tayong dalawa ang magkakatambal sa araw ng pabasa ng iyong ama!

Parang may mabigat na bagay ang biglang dumantay sa dibdib ni Denang. Napapihit siya at napaharap kay Angel. Matagal silang nagkatitigan. Parang binabasa niya sa mga mata ng binata ang katapatan ng mga sinabi niyon.

—Aalis na ako, Denang! Nguni't sa pag-alis ko ngayon ay babaunin ko ang pag-asang ikaw ay uuwi na sa ating nayon.... Hihintayin kita! —At matapos isunod ang isang malungkot na paalam ay tuluyan nang umalis si Angel.

Matagal nang nakaalis ang binata ay parang wala pa rin sa sarili si Denang. At hanggang sa sumapit ang gabi ay laman pa rin ng kanyang isip ang mga sinabi ni Angel na: "kaya ako lumuwas rito sa Maynila ay naipangako ko sa iyong amang may sakit na bago sumapit ang MAHAL NA ARAW, ay babalik ka sa ating lalawigan at tayong dalawa ang magkakatambal sa araw ng pabasa ng iyong ama....!"

Sa bahaging yaon ng kanyang gunita, ay mahapdi ang kirot na pumintig sa puso ni Denang. At waring naalimpungatan pa siya nang madama ang luhang kanina pa pala naglalandas sa kanyang mga pisngi.

—Malapit na ho tayo sa Mulad-Bukad, —anang kutsero sa hindi nakikilalang sakay. —Sino ho ba ang patutunguhan ninyo sa baryong iyon? —Tanong ng kutsero.

Hindi narinig ni Denang ang tanong na yaon ng kutsero, sapagka't ang laman ng kanyang isip ay ang amang may sakit na siyang sanhi ng pagbabalik niya sa sariling bayan. Ang kutsero naman ay nagkibit lamang ng balikat nang mapansing parang tulala ang kanyang sakay na babae.

Ang katahimikang nakapamayani sa mga sandaling yaon ay parang landas na nahawan upang magunita ni Denang ang panahon ng kanyang kasariwaan sa sinilangang baryo. Sa kanilang pook ay siya ang kinikilalang pinakamahusay na mangaawit. At kung ganitong sumasapit ang MAHAL NA ARAW, ay nag-uunaahn sa pagkumbida sa kanya ang mga kanayong mandi'y naging panata na ng mga iyon ang magpabasa ng pasyong mahal tuwing sasapit ang araw ng paghihirap ng Panginoong Hesukristo.

Sa dinami-dami ng nangungumbida sa kanya ay si aling Trining ang laging nauuna. Maagap si aling Trining. Malayo pa ang MAHAL NA ARAW ay kumbidado na siya nito, bagay na ikinatutuwa naman niya, sapagka't ang anak nitong binata, si Angel ay katipan niya. Silang dalawa ni Angel ang magkapareha sa pag-awit ng Pasyong mahal. Kaya ang nangyayari, bago sumapit ang mahal na araw ay nakatango na siya kay aling Trining.

—Saan ho kayo iibis dito sa Mulad-Bukad? —Tanong ng kutsero na binatak na ang renda ng kabayo upang tumigil na ang hayop. Nguni't hindi siya tinugon ni Denang kaya kailangang ulitin niya ang pagtatanong. —Saan ho kayo iibis dito sa Mulad-Bukad? —malakas na ang tinig ng kutsero na ikinagitla ni Denang sa kanyang malalim na pag-iisip.

—Ho?.... Aba, narito na pala ako. —ang nabiglang wika ni Denang. At dalidali na siyang umibis ng karetela. Matapos bayaran ang kutsero, ay tuluy-tuloy na pumasok siya sa isang bakuran ng maliit na dampa na hindi nababago sa kanyang paningin.

MATAGAL na siyang nakatayo sa tapat ng kanilang dampa, ay tila bantulot pa siya upang magtuloy sa itaas ng bahay na kinakitaan niya ng unang liwanag. Isang babae ang dumungaw sa bintana. Matagal na nagkatama ang kanilang mga paningin. Nang mapagsino ng babae ang nakatayo sa lupa, ay halos pasigaw na binigkas nito ang pangalan ni Denang. Nahinto sa pagbasa ng pasyon ang ibang nasa loob ng bahay. Nagdungawan ang mga iyon. Huling dumungaw ang Ama ni Denang, si mang Ambo.

Patakbong pumanhik sa kabahayan si Denang. At buong higpit na

(Sundan sa pahina 79)

## TAGUMPAY NG...

(Buhat sa pahina 76)

pat niyang iyon. Di maulatang kagalakan ang bumalot sa iyong munting puso. Ang dati mong hinanakit ay biglang nasubhan ng maningning na pag-asa. Gayonman ay nagpakatimpi pa rin ang iyong sarili.

—Lourdes, —patuloy pa niya, —higit kanginuman ay ikaw ang nakababatid na kung kaya ko hinainan ng pag-ibig si Raquel, ay dahil sa ating pustahan. Kaya't, utang na loob, patunayan mo sa kanya na siya ay hindi ko tunay na iniibig, —sumasamo pati ang kanyang tinig nang bigkasin ang pakiusap na yaon. —Noong una'y dinadaya ko sana ang aking damdamin, —dugtong pa niya, — nguni't ngayon ko lubos na naunawaang, ang isang pag-ibig na tapat at bukal sa puso ay higit palang makapangyarihan kaysa pagsuyong marupok na supling ng isang pustahan, kaya...

At biglang nauntol ang iba pa niyang sasabihin nang makarinig kayo ng sumalit na tawag ng kartero sa purok na iyon. Isang sobre ang iniabot sa iyo ng tagahatid-sulat, saka magalang na nagpaalam.

Sa unang sulyap mo lamang ay natiyak mo kaagad na kay Raquel galing ang natanggap mong iyon.

*"Anang huling bahagi ng kalatas:*

*Kaya, ikaw na sana, Lourdes ang bahalang magpaabot kay Edgar ng malungkot kong napagsapit. Utang na loob, sabihin mo ang katutohanan, na ako ngayon ay kasal na sa lalaking gumamit ng dahas upang makamtan ang aking pag-ibig na sadyang para sa kanya ko inilalaan.*

*Ang iyong kaibigan*
*Raquel"*

Sapat na ang liham na iyon upang maparam na biglang-bigla ang ligalig ng iyong damdamin at alinlangan ng iyong puso sa ipinagtapat ni Edgar. Nuon din ay nagningning sa kaligayahan ang dati'y malamlam na kislap ng iyong mga mata! Pati ng iyong maamong mukha, na nuong una ay mistulang larawan ng kawalang pag-asa ay biglang nabihisan ng matimyas na ngiti.

Sa makapangyarihang atas ng lihim mong pagmamahal kay Edgar ay napalingon ka sa kanya. Nagsalubong ang inyong mga paningin, na ang sa kanya ay may hiwatig ng pagtatanong ukol sa liham na hawak-hawak mo.

Sa pagkakaugnay ng inyong mga titig ay nadama mong sumigla ang tibok ng iyong puso! Nagunita mo tuloy ang damit-pangkasal. At nang sulyapan mo iyon ay waring naging higit na busilak at lalong gumanda sa iyong pangmalas; kaipala'y sa dahilang, ang mapalad na magsusuot niyon ay wala nang iba kundi... ikaw!

—WAKAS—

## PAGDIDILIDILI

(Buhat sa pahina 25)

yumapos sa amang malaon nang sabik na mayakap ang bunsong nawalay ng tatlong taon sa kanyang piling.

..—Ama ko! Ama ko! —ang umiiyak na wika ni Denang. —Patawarin mo po ako sa nagawa kong pagkakamali! —Patuloy niya na waring hindi napansin ang maraming kanayong nakapaligid sa kanilang mag-ama. Ang iba'y pinapahid ang kanilang luha. Ang iba na may marurupok na kalooban ay tumalikodt upang hindi makita ang tagpong yaon ng mag-ama na nangungusap ang luha sa kani-kanilang mga mata.

—Magdalena! Anak ko! —Lumuluhang wika ni mang Ambo. —Nagpapasalamat ako at nagbalik ka sa aking piling!

Pagkaraan ng ilang sandali, matapos pahirin ang mga butil ng luha sa kani-kanilang mga mata, ay nagpalitan ng balita ang mag-ama. Sa katagalan ng kanilang pagbabalitaan ay noon lamang napansin ni Denang na wala roon si Angel, ang nagbalita sa kanya. na may sakit ang kanyang ama.

—Si.... si Angel, ho, nahan? —Tanong ni Denang sa ama.

Matagal na sandaling hindi nakaimik si mang Ambo. Lumunok iyon na parang pinadudulas ang lalamunan. —Mag-iisang taon na ngayon siyang PATAY! —at napayuko ito.

—Ho?.... —ang tanging namutawi sa mga labi ni Denang. Matagal na tinakasan ng kulay ang kanyang mukha. —Nguni't ama....



noon lamang nakaraang linggo ay nakausap ko siya sa Maynila. Siya ang nagsabi sa akin na pabasa raw ninyo ngayon, at siya rin ang nagbalitang may sakit daw kayo?

—Ha?.... —Si mang Ambo naman ang hindi makapaniwala sa kanyang narinig. Paano'y isa pa siya sa mga nakipaglibing nang ihatid sa huling hantungan ang kasintahan ng kanyang anak. — Talagang mahal na mahal ka sa kanyang puso!

Ayaw pa sanang paniwalaan ni Denang na patay na nga si Angel. Subali't nang patunayan sa kanya ni aling Trining, ina ni Angel, na patay na nga ang anak nito, ay saka lamang naniwala si Denang. Nguni't kalakip naman niyon ang hapding kirot na nabuhay sa kanyang puso.... higit na mahapdi kaysa sa tinamo niyang kasawian sa palad ng mga mapagsamantalang apo ni Adan, na matapos siyang lamuyutin sa palad ng mga iyon, ay naiwan siyang lantang bulaklak na wala nang bango.

—"Oh, Bakit.... bakit kinailangang sapitin ko ang ganitong kasawian? Bakit?.... At bakit ko pa naisipang lumayas sa amin at pagtaksilan si Angel at sumama ako sa lalaking dumaya ng aking pag-ibig? Bakit ko pa sinunod ang kaballwan ng aking diwa upang pumagitna sa magulong lunsod ng Maynila? Bakit?.... Bakit?...."

PARANG multong nagbalik sa gunita ni Denang ang isang umagang naglalako siya ng gulay at isda, na kamuntik na siyang nabundol ng biglang lumikong kotse. Isang lalaki ang umibis at nilapitan siya. Iyon si Arturo, na matapos hingin ang kanyang pagpapaumanhin, ay nakipagkilala sa kanya, hanggang sa maging laging panauhin niya iyon, at matangay siya ng katamisan ng dila nito, hanggang naakit upang liparin ang pinapangarap niyang lunsod ng Maynila. Sa ginawa niyang pagsama kay Arturo ay nailibing tuloy niya sa paglimot ang mabait na kasintahan, si Angel. At kaya lamang niya naalaala ang pinagtaksilang kasuyo ay nang malaman niyang may asawa't anak pala ang sinamahan niyang lalaki. Parang nabulagan ay namasukan siya sa isang Bar bilang tagapagsilbi. Nguni't hindi niya akalin na sa pook na iyon ay marami palang lawin ang maglulugso ng kanyang napariwara nang puri.

—Kalamayin mo, anak, ang kapalaran ikinabit sa iyong buhay ng ating Panginoon. —Tinig ng kanyang ama ang gumambala sa malalim na pagdidili-dili ni Denang.

—Tena, Denang! —Tawag ni aling Trining sa namimighating dalaga. —Saliwan mo kami sa pagbasa ng pasyong mahal!

Gaputok man ay hindi umimik si Denang. Nakaharap na siya sa [illegible]ong mahal ay parang wala pa siya sa sarili. At nang umaawit na siya ay maiinit na luha ang pumatak sa kanyang dibdib. Naalala niya si Angel! At ang kanyang puso'y nauuhaw.... nauuhaw sa timyas ng pag-ibig ni Angel.

—WAKAS—





ay naglalaro sa
SAMPUNG bilang?

Mga kaibigan, ito ay isang katotohanan na natupad dahil sa pagkakaroon ng isang bagong pamamaraan ng pagbola.

Ang bawa't libreta ay naglalaman ng SAMPUNG BILANG. Sakaling isa sa mga bilang ang magwagi ng malaking gantimpala, lahat ng bilang o tiket mula sa libretang ito ay magwawagi rin ng malaking premyo!

Samantalahin ang bagong paraang ito! BUMILI NG INYONG TIKET para sa bolahan ng sweepstakes sa Abril 22! Tulad ng dati, mahigit na KALAHATING MILYONG PISO ang ipinamamahagi, LIBRE SA BUWIS.

PHILIPPINE CHARITY
SWEEPSTAKES

Ibabang Palapag, Gusali ng NAMARCO
M. de la Industria, Maynila Tel. 2-7391


## MAY ISANG...

(Buhat sa pahina 23)

kuwintas ng mapuputing bulaklak ng sampagita na sa kasariwaan ay nagtatapon ng masamyong halimuyak, at sa isang saglit ay parang lumaganap at napuno ang buong restawrang iyon.

—Ako! Ako! —Ang namulas na sunod-sunod sa labi ni Erlina. —Ako. Ako....

Tinanggap niya ang sampagita at nakita niyang may sulat na kasama iyon. Nanginginig ang mga daliring dinampot iyon at binuksan. Pinahid ang ulap ng luhang tumatakip sa kanyang paningin at binasa.

At saka pa lamang nalunasan ang mabigat na suliranin ng puso ni Erlina.

*"Erlina,*

*Nabasa ko ang pakikipagtsang dibdib ni Artemio. Ako'y makikiramay sa pagdaramdam mo.*

*Dahil sa pangyayaring iyan, kaipala'y hindi mo na ibabawal sa aking padalhan kitang muli ng sampagita —ang sagisag ng aking pagmamahal na masusumpungan mong may bangong isusuob sa iyo sa habang buhay. Kaya, tanggapin mo sana, Erlina ang una't huling yamang inihahandog sa iyo ng aking kaluluwa.*

*Rafael."*

—WAKAS—

## Walang Patawad

(Buhat sa pahina 21)

kundi laguk-lagok, hindi na konti-konti lamang, kopa-kopang puno na; at habang tumutungga ay lalo siyang nauuhaw. Lalo siyang nagpapanibagong bulas. Nakikita niyang tila panoramang umiinog ang magagandang tanawin sa kanyang paligid, at kasabay niyo'y parang mga puting silahis na humahawi ng maiitim na guniguni sa kanyang isipan. Napapangiti na siya ng sariwang mga ngiti. Noon lamang siya natawang may matutunog na halakhak. Naisip niyang ang malasing pala'y parang masayang panaginip. Wala siyang malay na iyon pala'y simula na ng "Delirio," o paghihingalo ng isang buhay na nalalapit sa kanyang wakas.

Samantala'y patuloy na sumisidhi ang kanyang uhaw. Isang lagok pa, dalawang lagok pa ng alak at sa wari niya'y maaari na siyang makalipad na parang ibon kahi't walang pakpak. Maaari na siyang makalipad na parang ibon kahi't walang pakpak. Maaari na siyang makatakas dito sa mundong kahapis-hapis.

Hinawakan niya ang prasko at siya'y magsasalin, subali't wala na palang laman. Ilang patak na lamang ang tumulo sa kopa. Ang ilang patak na alak ay hindi sapat upang magkabagwis ang kanyang kahibangan. Sayang. Kung wala na siyang matutungga ay kay daling mapuputol ang kanyang pag-aaliw.

Nguni't hintay! Mayroon siyang naalaala. Nagunita niyang sa estante ng mga kagamitan sa pagluluto sa kusina ay may isang bote ng Giniebra San Miguel na kakaunti lamang ang kulang, at marahil iyo'y nalabi sa isa nilang piging at naitago doon ni Binday.

Dali-dali siyang nagtindig at